SFIHSS PUBLIC AUTHORITY

PAGPAPATALA SA PLANO SA NGIPIN

Mga Madalas Na Itinatanong

Sino ang karapat-dapat para sa mga benepisyo sangipin?

Upang maging karapat-dapat, ang mga talang datos ay dapat magpakita na kayo ay awtorisado at binayaran upang magtrabaho ng 25 o higit na mga oras sa isang buwan para sa anim na buwan. Kayo ay patuloy na magiging karapat-dapat hanggang patuloy kayong nagtatrabaho nang hindi kukulangin sa 25 oras sa isang buwan.

Ano ang pinakamahusay na plano para sa akin?

Ang Pampublikong Awtoridad ay nag-aalok ng dalawang magagandang mapipili para sa mga benepisyo sa ngipin. Ang planong EPO ay nagpapahintulot sa inyo na pumili mula sa isang malaking network ng mga dentista. Ang plano ay sumasaklaw sa 80% o higit ng mga gastos sa mga serbisyo. Ang planong LDP100 ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa pamamagitan ng isang mas maliit na grupo ng mga dentista na walang co-payment para sa karamihan ng mga serbisyo. Tingnan ang kalakip na Paghahambing ng mga Benepisyo at magpasiya kung alin ang pinakamahusay na plano batay sa inyong mga pangangailangan.

Paano ako dapat magpatala sa bagong plano sa ngipin?

Repasuhin ang kalakip na Paghahambing ng mga Benepisyo at piliin ang inyong plano. Kumpletuhin at pirmahan ang Form ng Pagpapatala at ipadala ito sa Pampublikong Awtoridad sa IHSS sa kalakip na sobre.

Kailan ko dapat ipadala ang aking Form ng Pagpapatala at kailan magsisimula ang pagsaklaw sa akin?

Ang inyong kinumpleto at pinirmahang Form ng Pagpapatala ay dapat matanggap ng Pampublikong Awtoridad sa IHSS sa o bago ang ikalabindalawa ng anumang buwan upang magkabisa sa unang araw ng susunod na buwan.

Paano ko malalaman kung kailan ako naitala?

Kkayo ay tatanggap ng isang paketeng ID mula sa LIBERTY na malugod na tumatanggap sa inyo sa plano. Dapat kayong maghintay hanggang matanggap ninyo ang paketeng ito upang makakuha ng mga serbisyo sa ngipin.

Magkano ang magiging gastos ko sa plano?

Kayo ay inaatasan na magbayad ng isang buwanang premium na kontribusyon. Ang halaga ng inyong kontribusyon ay nakadepende sa plano kung saan kayo nagpatala:

- Planong LDP100: Empleyado Lamang - $1 kada buwan
- Planong LDP100: Empleyado + 1 umaasa - $ 2 kada buwan
- Planong LDP100: Empleyado + 2 o higit na umaasa - $ 3 kada buwan
- Planong EPO: Empleyado Lamang - $ 2 kada buwan

Bilang karagdagan sa inyong mga buwanang bayad, kayo ay maaaring atasan na magbayad ng isang kabahagi sa gastos para sa ilan sa mga serbisyo na natatanggap ninyo. Tingnan ang kalakip na Paghahambing ng mga Benepisyo para sa anumang karagdagang mga co-payment na maaaring iatas.

Paano ako magbabayad para sa aking pagsaklaw sa ngipin?

Kung pinili ninyong magkaroon ng pagsaklaw sa ngipin ang premium na kontribusyon ay ibabawas mula sa inyong suweldo bawat buwan.

Sasaklawin ba ang aking pamilya sa bagong plano?

Ang pagsaklaw sa umaasa ay makukuha lamang sa ilalim ng planong LDP100. May karagdagang buwanang gastos para sa pagsaklaw sa umaasa. Para sa gastos sa premium na $2 kada buwan maaari kayong magdagdag ng isang umaasa na sasaklawin ng planong LDP100.

Para sa gastos sa premium na $3 kada buwan maaari kayong magdagdag ng 2 umaasa na sasaklawin ng planong LDP100. Maaaring hindi kayo magdagdag ng mga umaasa sa planong EPO.

Sino ang isang karapat-dapat na umaasa?

Legal na asawa. Dapat kayong magsumite ng isang kopya ng isang sertipiko ng kasal na inisyu ng county o estado upang maipatala ang inyong asawa.

- Mga Kinakasama at kanilang mga anak. Ang isang domestikong pagsasama ay itinatatag kapag ang mga tao ng nakatutugon sa mga pamantayang tinukoy sa seksyon 297 ng Kodigong Pampamilya ng California ay nagharap ng alinman sa isang Declaration of Domestic Partnership (Form NP/SF DP-1) o isang Confidential Declaration of Domestic Partnership (Form NP/SF DP-1A) sa Kalihim ng Estado ng California. Ang isang kopya ng deklarasyon at isang Sertipiko ng Pagpaparehistro ng Domestikong Pagsasama ay ibabalik sa mga nagsasama pagkatapos iharap ang deklarasyon. Dapat kayong magsumite ng Sertipiko ng Pagpaparehistro ng Domestikong Pagsasama sa inyong form ng pagpapatala upang maipatala ang inyong domestikong kinakasama.
- Mga bata hanggang sa edad na 26. Dapat kayong magsumite ng isang kopya ng isang sertipiko ng kapanganakan, katunayan ng pag-aampon, kasunduan sa tumatangkilik na pangangalaga o utos ng hukuman para sa pagiging tagapangalaga upang maipatala ang inyong anak.
- Ang mga nakadependeng bata na higit sa edad na 26 na may kapansanan na nakadepende sa inyo para sa suporta at hindi kayang suportahan ang mga sarili dahil sa kapansanan ng katawan o isipan. Dapat kayong magsumite ng mga dokumentong nagbibigay ng kuwalipikasyon sa IRS o mga dokumentong nagbibigay ng kuwalipikasyon sa SSI upang maiapatala ang inyong anak na may kapansanan na higit sa edad na 26. Ang mga pahayag na medikal o mga dokumentong pambatas ay maaaring isaalang-alang.

Makapipili ba ako ng sarili kong dentista?

Kung magpapatala kayo sa planong LDP100 makapipili kayo ng isang dentista mula sa network ng tagapagkaloob na nakalagay sa pakete ng pagpapatala. Kung hindi kayo pumili ng isang dentista sa panahon ng pagpapatala ninyo, ang isang dentista ay pipiliin para sa inyo batay sa zipcode ng inyong bahay at mas gustong wika. Kung nais ninyong lumipat sa ibang kinokontratang dentista, maaari ninyong gawin ito bago lumampas ang ika-20 araw ng anumang buwan para magkabisa ang pagpapalit sa unang araw ng susunod na buwan. Kung pinili ninyo ang planong EPO hindi ninyo kailangang pumili ng isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga, pero kapag pupunta kayo sa isang dentista dapat ninyong tingnan ang listahan ng tagapagkaloob upang masiguro na ang inyong piniling dentista ay isang nasa network na doktor. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpili ng isang tagapagkaloob para sa alinman sa planong LDP100 o planong EPO mangyaring makipag-ugnayan ang LIBERTY Dental Plan sa 888-703-6999. Ang mga tagapagkaloob ng LDP100 ay matatagpuan sa pamamagitan ng pagbisita sa www.libertydentalplan.com. Ang mga tagapagkaloob ng EPO ay matatagpuan din sa pamamagitan ng pagbisita sa www.firstdentalhealth.com. I-click ang kasunod ang a at kapag kinukumpleto ang impormasyon sa kasunod na pahina, siguruhin na ilagay ito sa sa pamamagitan ng Kung pupunta kayo sa walasa network na doktor, kayo ay maaaring may mas mataas na mula-sa-bulsa na gastos.

Sa sandaling magpatala ako sa LDP100 o sa EPO, maaari ba akong lumipat sa ibang plano?

Maaari lamang kayong magpalit ng plano sa panahon ng taunang bukas na pagpapatala. Ang bukas na pagpapatala ay magaganap sa Nobyembre at Disyembre ng bawat taon at magkakabisa sa Enero 1 ng kasunod na taon.

Kung magbago ang aking isip,maaari ko bang alisin ang pagsaklaw sa ngipin?

Oo, maaari kayong boluntaryong umalis sa pagkakatala mula sa planong benepisyo sa ngipin kahit kailan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng nakasulat na paunawa sa Pampublikong Awtoridad. Kung ang pag-alis ninyo sa pagkakatala ay natanggap bago lumampas ang ikalabindalawang buwan, ang pagsaklaw sa ngipin at pagkuha ng premium ay matatapos sa unang araw ng kasunod na buwan.

Kung kayo ay boluntaryong magpasiya na tapusin ang inyong pagsaklaw sa ngipin, kayo ay hindi pahihintulutang muling magpatala para sa mga benepisyo sa ngipin hanggang sa susunod na panahon ng Bukas na Pagpapatala. Upang muling magpatala, kayo ay dapat ding makatugon sa mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat, iyon ay , kayo ay nakapagtrabaho ng pinakamababang 25 oras kada buwan para sa anim na naunang buwan.

Gaano katagal akong tatanggap ng mga benepisyo sa ngipin?

Ang plano sa benepisyo ngipin na pinili ninyo ay magpapatuloy hanggang kayo ay nagkakaloob ng mga serbisyo ng pangangalaga sa tahanan ng IHSS. Kung kayo ay nagtatrabaho ng mas kaunti kaysa 25 oras para sa dalawa o higit na buwan mawawala ang pagiging karapat-dapat ninyo sa mga benepisyo sa ngipin.

Paano ko maibabalik ang aking pagsaklaw na medikal kung mawala ito?

Kung mawala ang inyong mga benepisyo, dapat kayong muling maging kuwalipikado sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng hindi kukulangin sa 25 oras kada buwan para sa anim na magkakasunod na buwan. Sa sandaling matugunan ang mga pamantayang ito, kayo ay maaaring muling mag-apply.

Kung mawala ang aking pagiging karapat-dapat, makabibili ba ako ng patuloy na pagsaklaw?

Ang pederal na batas ay nag-aatas na lahat ng manggagawa ay may karapatang bumili ng kanilang panggrupong pagsaklaw para sa isang espesipikong panahon pagkaraang matapos ang pagtatrabaho. Kayo ay magiging responsable sa pagbabayad ng buong halaga ng premium upang makapagpatuloy sa ilalim ng pagsaklaw na ito. Ang batas na ito ay tinatawag na COBRA (Consolidated Omnibus Budget Reconciliation Act of 1985). Sa sandaling matapos ang inyong pagiging karapat-dapat, mayroon kayong 60 araw upang pumili ng pagsaklaw nang walang pagtigil sa pagsaklaw.

Kanino ako dapat makipag-ugnayan kung may mga katanungan

- Tungkol sa pagiging karapat-dapat? Pampublikong Awtoridad sa IHSS ng San Francisco, Tagapag-ugnay ng mga Benepisyo, sa 415-593-8125, www.sfihsspa.org.
- Tungkol sa mga benepisyo/pamamaraan na sinasaklaw? LIBERTY Dental Plan sa 1-888-703-6999.
- Tungkol sa kung aling mga tagapagkaloob ang maaari kong pagpatingnan? LIBERTY Dental Plan sa 1-888-703-6999.

MAY MABILIS BANG TANONG TUNGKOL SA MGA BENEFITS?

Maaari mong i-text ang iyong katanungan sa **415-593-8125**.
Mangyaring maglaan ng oras para sa isang tugon.

Sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang teksto, sumang-ayon ka na ang iyong numero ng telepono ay gagamitin para sa mga abiso sa mensahe ng SMS na ipinadala ni ang Awtoridad ng Publiko ng San Francisco IHSS. Maaaring mailapat ang mga rate ng mensahe at data.